Part 2: Ang Tungkol Sa Diyos

2.1 ANG DIYOS AY NAPAKATAYOG O TRANSCENDENT

Ang Diyos ay napakatayog o transcendent. Siya ay lampas pa sa pinakamataas at pinaka-malalim na pang-unawa ng tao. Ang pagiging matayog o transcendent ay katangian na hindi nasasakop ng panahon, kalawakan at kaisipan ng tao. Ito ay tinatawag din na non-communicable attributes. Bagamat ang Diyos ay nasa kabuoan ng panahon, kalawakan at isipan, Siya ay lampas pa sa lahat ng ito. Ang Diyos ay walang kapantay sa karunungan at kaalaman. Tunay na napakatayog ng Kanyang kaluwalhatian at kadakilaan.

May mga attributes ang Diyos na maituturing na transcendent attributes tulad ng mga sumusunod: aseity (self-sufficient - walang pangangailangan), eternality (no beginning and no end), infinity (has no limits or limitless in His characteristics), spirituality (a spirit – not made of flesh and bones like man), glorious (maluwalhati), immutable (never changes – Siya ay the same yesterday, today and tomorrow), omnipotent (all powerful o makapangyarihan – magagawa ng Diyos ang nais Niya), omnipresent (capable of being everywhere at the same time) at omniscient (knows everything – alam Niya ang past, present at future).

Time Out

- Ano ang ibig sabihin ng transcendent?

  _____

- Magbigay ng ilang halimbawa ng transcendent attributes ng Diyos.

  _____

PAG-ISIPAN:

Ang aking alam	Ang transcendent attributes ng Diyos ay matatagpuan din sa taong Kanyang nilikha. ✓ X
	Kayang arukin ng isipan ng tao ang kabuoan ng Diyos. ✓ X

PAG-ARALAN:

Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga tanong.

Genesis 11:1-9
Matapos ang great flood noong panahon ni Noah, nagsimula na muling dumami ang tao sa mundo.

Sa simula'y iisa ang wika at magkakapareho ang mga salitang ginagamit ng lahat ng tao sa daigdig. Sa kanilang paglalakbay patungong silangan, nakarating sila sa isang kapatagan sa Shinar at doon na nanirahan. Nagkaisa silang gumawa ng maraming bato at semento. Ang sabi nila, "Halikayo at magtayo tayo ng isang lunsod na may toreng abot sa langit upang maging tanyag tayo at huwag nang magkahiwa-hiwalay sa daigdig."

Nakita ng Diyos ang toreng itinatayo ng mga tao. Sinabi niya, "Ngayon ay nagkakaisa silang lahat at iisa ang kanilang wika. Pasimula pa lamang ito ng mga binabalak nilang gawin. Hindi magtatagal at gagawin nila ang anumang kanilang magustuhan. Ang mabuti'y bumaba tayo at guluhin ang kanilang wika upang hindi sila magkaintindihan."

At ganoon nga ang nangyari. Hindi nagkaintindihan ang mga tao kaya't natigil ang pagtatayo ng tore at sila'y nagkahiwa-hiwalay sa buong daigdig. Babel ang itinawag nila sa lunsod na iyon, sapagkat doo'y ginulo ng Diyos ang wika ng mga tao. At mula roon, kumalat ang mga tao sa buong daigdig.

- Ano ang nais itayo ng mga taga-Shinar?

  _____

- Bakit ninais ng mga taga-Shinar na magtayo ng toreng mataas?

  _____

- Bakit binago ng Diyos ang salita ng mga tao sa Shinar?

  _____

PAG-USAPAN:

Kung titignan ang simula ng pagkalikha ng lahat, isa sa naging mandato ng Diyos kay Adan ay ang punuin ang mundo (Genesis). Ang Diyos ay Diyos kaya naman ang kalooban Niya sa Kanyang mga nilikha ang siyang magaganap. Iniba Niya ang kanilang salita upang sila ay



hindi magkaintindihan, maghiwa-hiwalay at kumalat sa buong mundo.

Hindi kayang arukin ng isipan ng tao ang kabuoan ng Diyos. Kailangan niya ng tulong upang magkaroon siya ng sapat na pang-unawa tungkol sa Diyos. Ang sabi ng Diyos sa Isaiah 55:8-9 ay ito, *For my thoughts are not your thoughts, neither are your ways my ways, declares the LORD. For as the heavens are higher than the earth, so are my ways higher than your ways and my thoughts than your thoughts.* Ibig sabihin, huwag na natin subukang unawain ng lubusan ang Diyos sapagkat di natin kakayanin. In the same way na hindi rin natin mauunawaan ang lahat ng Kanyang katangian lalo na ang transcendent attributes Niya sapagkat ang mga ito ay attributes na para sa Diyos lamang at hindi natin fully maiintindihan ang extent nito.

Matapos ang Science class ni Ms. Jeena, nagpatuloy pa rin ang discussion ng mga grade 9 students patungkol sa kanilang topic na Creation (Genesis) vs. Big Bang Theory. Marami sa kanila ang naniniwala sa Story of Creation na mababasa sa Bible habang may ilan naman na hindi naniniwala dito. Paliwanag nila na napaka-imposible na nagsimula ang lahat sa pamamagitan lamang ng Salita ng Diyos. Walang proof at hindi mapapatunayan through Science experiment. Katuwiran naman ng mga naniniwala sa Creation Story na ang Diyos ay makapangyarihan at may mga katangian Siya na talaga naman hindi makakayang unawain ng tao. Tahimik na nakikinig si Kim sa kaniyang mga kaklase habang sila ay nagtatalo. Naisip niya na parang tama ang mga kaklase niya na hindi naniniwala sa Creation Story sapagkat napakahirap ipaliwanag kung paano ginawa ito ng Diyos galing sa wala.

Kung ikaw ay isa sa mga kaibigan ni Kim, paano mo ipaliliwanag sa kanya ang mga katangian ng Diyos na mahirap unawain?

_____

_____

_____

Ang Diyos ay napakatayog o transcendent. Siya ay lampas pa sa pinakamataas at pinaka-malalim na pang-unawa ng tao. Ang pagiging matayog o transcendent ay katangian na hindi nasasakop ng panahon, kalawakan at kaisipan ng tao. Hindi kayang arukin ng ating isipan ang kabuoan Diyos. Kakailanganin natin ng tulong upang magkaroon tayo ng sapat na pang-unawa tungkol sa Kanya. Ang kakayanan din na ito ay magmumula lamang sa Diyos.

PAG-BULAYBULAYAN:

1. Ano ang mga bagay sa aking paligid ang magpapatunay ng ilan sa mga transcendent attributes ng Diyos?

   _____

   _____

2. Ano ang epekto sa akin na malaman ko ang mga transcendent attributes ng Diyos?

   _____

   _____

Natutuhan ko na	Ang transcendent attributes ng Diyos ay matatagpuan din sa taong Kanyang nilikha.	✓ X
	Kayang arukin ng isipan ng tao ang kabuoan ng Diyos.	✓ X

Verse of the Day:

Ang sabi ni Yahweh, “Ang Aking kaisipa'y hindi ninyo kaisipan, ang inyong kaparaanan ay hindi Ko kaparaanan. Kung paanong ang langit ay mas mataas kaysa lupa, ang Aking kaparaanan ay higit kaysa inyong kaparaanan, at ang Aking kaisipan ay hindi maaabot ng inyong kaisipan. ***Isaias 55:8-9***